# EDUKASYON NG MGA KABATAAN SA BAGONG NORMAL

*by:*
**Joey R. Cabrera**
*Master Teacher I, Pagalanggang National High School*

Lumulobo ang bilang ng mamamayang Pilipino na dumaranas ng kahirapan dulot ng pandemya. Kawalan nang hanapbuhay ang pangunahing dahilan kung bakit nararanasan nila ito. Wala silang gastusin sa mga panganagilangan sa araw-araw kung kaya't may mga kumakalam ang sikmura. Kagutuman ang namamayani sa mga mamamayan.

Ang pandemyang ito ay nararanasan ng buong mundo. Kung kaya't maraming pabrika, kompanya, mga fastfood, pagawaan ang nagsara dahil dito maraming Pilipino ang nawalan ng trabaho. Dito sila umaasa sa pangtustos sa mga pangangailangan ng kanilang pamilya sa araw-araw.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isa pa sa malaking kinakaharap na suliranin ay ang sistema ng pag-aaral ng ating mga kabataan. Maraming nahihirapan mag-aaral dahil sa kawalang ng mga gadget, kompyuter na magagamit nila. Pero hindi ito naging  balakid upang matigil ang pagkatuto ng mga estudyante. Napakalaki ang sakripesyong ginampanan nang ating mga guro at mga namumuno sa Kagawaran ng Edukasyon.

Noong una  mahirap at hindi madali pero dahil sa pagtutulungan ng lahat na may kaugnayan sa usaping ito at patnubay ng Maykapal naisakatuparan at natuloy ang pag-aaral ng ating mga mag-aaral. Ang ating mga kaguruan ay lumikha ng mga kagamitang pampagtuturo na nakalimbag sa papel o Modyul. Tuloy ang kanilang pagtuturo sa pamamagitan ng mg Online classes, sa Telebisyon o maging sa radio. Modyul naman sa mga mag-aaral na walang kakayahang gumamit ng mga kagamitang elektroniko sa pagkatuto. Di rin matatawaran ang mga tulong mula sa ating mga nasyunal at lokal na

mga pinuno na andyan sila upang tugunan ang pangangailangan ng mga paaralan at mag-aaral.

Samu't sari man ang naging problema sa una pero dahil sa pagkakaisa at pagtutulungan nagkaroon ng kaganapan at kalutasan ang mga suliraning ito. Hindi nagpatinag ang Ahensya ng Edukasyon at Pamahalaan upang hindi matuloy ang pag-aaral at pagkatuto ng ating mga kabataan.

Ang pandemyang ito ang nagpatatag at nagpatibay sa hangarin ng mga tao lalo't sa pagkatuto ng mga kabataan. Maraming reyalesasyon ang tumatak sa ating puso't isipan na naging daan upang lalong pag-igihan ang nangyayari sa kasalukuyan dulot nang pandemya. Sabi nga ng ilan virus lang yan tayo tao kaya natin ang pagmulat sa pagkatuto sa mga kabataan na uhaw sa edukasyon. Pero masusi pa rin ang pag-iingat at sundin ang mga panuntunan upang makaiwas sa virus.Umiwas sa matataong lugar, gumamit ng facemask , maghugas lagi ng kamay at gumamit ng alkohol upang virus ay tuluyan nang matipok. Edukasyon ng mga kabataan patuloy pa rin upang makamit mga pangarap na inyong inaasam…..

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://education.govt.nz/assets/COVID919-files/Home-Learning-messages-for-migrant-and-refugee-families-Tagalog.pdf
https://ched.gov.ph/2021-national-student-orientation-lf2f-and-kamalayan/
https://www.ctu.edu.ph/ctu-calendar/wp-content/uploads/sites/4/2021/05/CTU-Memo-No.-PD30-179-s.-2021.pdf